

Mga Protokol para sa mga Operator ng Shopping Center: Apendiks E

Kamakailang mga Pagbabago (Ang mga pagbabago ay naka-highlight sa dilaw)

12/27/20: Binago para linawin ang pinahihintutulang panloob at panlabas na upuan sa mga shopping center.

- Dapat na tiyakin ng mga shopping center na ang lahat ng panloob na pampublikong upuan ay sarado.
- Ang mga dati ng nakapirmi at permanenteng panlabas na upuan na magagamit ng mga tagapagtangkilik (patrons) ay dapat na may kasamang mga paalala na ang mga tagapagtangkilik ay dapat na magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang pagdistansya mula sa iba pang mga tao na labas sa kanilang sambayanan.
- Ang lahat ng pansamantala o naigagalaw na mesa at silya, na matatagpuan alinman sa loob o labas, ay dapat na tanggalin o isara sa pampublikong paggamit.

Ang mga tagapagtangkilik at mga bisita ay dapat na magsuot ng telang pantakip ng mukha sa lahat ng oras at hindi maaaring kumain o uminom habang nasa lugar na pag-aari ng shopping center. May nakapaskil na karatula sa isang kitang lugar sa anumang permanenteng upuan o malapit dito na nagpapaalala sa mga tagapagtangkilik tungkol sa mga inaatas na pagsusuot ng pantakip ng mukha, pagsasanay sa pisikal na pagdistansya at hindi pagkain o pag-inom habang nasa lugar na ari-arian ng shopping center.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay sinusundan ang gabay ng Estado para panatilihin ang mga shopping center, mall at swap meeting at kanilang mga umuupang negosyo ng tingi na may mga pagbabago sa yugtong panahon ng pandemyang ito. Ang mga kinakailangan (requirements) na nasa ibaba ay partikular sa panloob at panlabas na shopping mall, mga destinasyong shopping center, strip at mga outlet mall, at mga swap meet (sama-samang tinatawag na “mga shopping center”). Dapat siguruhin ng mga operator ng shopping center na ang mga nangungupahan (lessees), kabilang ang mga tingi (retail) na umuupa at nagtitinda, ay nalalaman ang mga protokol na nalalapat sa kanilang mga operasyon. Ang mga entidad na ito (mga nangungupahan at mga nagtitinda) ay responsable para sa pagpapatupad ng mga protokol, ngunit ang mga operator ng shopping center ay hinihikayat na iatas ang pagsunod sa mga protokol ng kanilang mga nangungupahan. Dagdag pa sa mga kondisyong ipinataw ng Gobernador sa partikular na mga negosyong tingi, ang mga uri ng negosyong ito ay dapat ring sumunod sa mga kondisyon na inilatag sa checklist na ito para sa mga Operator ng Shopping Center.

Ang pangkalahatan na pinakamaraming pag-okupa sa mga shopping center tulad ng tinukoy sa itaas ay limitado sa 20% ng pinakamaraming pag-okupa alinsunod sa Pangrehiyong Pananatili sa Bahay na Utos ng Estado, na inilabas noong Disyembre 3, 2020 at epektibo 11:59 PM ng Disyembre 6, 2020 at hanggang sa karagdagang abiso. Ang mga Panloob na Negosyo na bahagi ng isang panloob na mall o shopping center at maaakses lamang mula sa loob ng shopping center ay maaaring magbukas ngunit limitado lamang sa 20% ng pinakamaraming pag-okupa.

Bilang pagsunod sa Pangrehiyong Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ng Estado, ang anumang mga kaganapan o pagtitipon, kabilang ang mga aktibidad na nakatuon sa kapaskuhan tulad ng mga larawan na kasama si Santa, pag-iilaw ng puno, mga ilaw na menorah, ay hindi pinahihintulutan.

Ang lahat ng permanente at nakapirming panlabas na upuan na bukas sa publiko ay dapat na may nakapaskil na karatula sa isang kitang lugar at/o malapit sa anumang permanenteng upuan na nagpapaalala sa mga tagapagtangkilik na magsuot ng pantakip ng mukha, magsanay ng pisikal na pagdistansya at sa hindi pagkain o pag-inom habang nasa lugar na ari-arian ng shopping center. Ang lahat ng pansamantala o naigagalaw na mga mesa at upuan na matatagpuan sa lugar na ari-arian ng shopping center ay dapat na tanggalin mula sa mga lugar na inaakses ng publiko. Dapat na paalalahanan ang publiko /mga bisita na walang kainan o pag-inom ang pinapayagan sa lugar na ari-arian ng shopping center.

Ang mga shopping center at hindi kinakailangang negosyo (non-essential businesses) na matatagpuan sa loob ng mga shopping center ay dapat na magsara ng negosyo sa pagitan ng mga oras na 10:00 PM at 5:00 AM. Ang mga kinakailangang negosyo (essential businesses) na bahagi ng isang panlabas na shopping center o mayroong isang panlabas na pampublikong kalusugan na bilang bahagi ng isang panloob na shopping center ay maaaring patuloy na tumakbo sa labas ng mga oras na ito. Ang lahat ng nangungupahan ay dapat na sumunod sa mga protokol ng

KAGAWARAN NG PAMPUBLIKONG KALUSUGAN NG LOS ANGELES COUNTY

UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN



Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para sa naaangkop na sektor at sa lahat ng mga naaangkop na batas at regulasyon ng estado at lokal.

Mangyaring tandaan: Maaaring baguhin ang dokumentong ito habang may magagamit na karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan kung kaya't regular na tingnan ang website ng La County

<http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/> para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito.

Ang mga karagdagang protokol na may kaugnayan sa mga Operasyon ng Shopping Center ay dapat rin sundin:

- Mga Serbisyo sa Personal na Pangangalaga
- Mga Restawran
- Mga Establisyemento ng Tingi

Ang checklist na ito ay sumasaklaw sa:

- (1) Mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho para protektahan ang kalusugan ng empleyado
- (2) Mga hakbang para masiguro ang pisikal na pagdistansya
- (3) Mga hakbang para masiguro ang pagkontrol ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
- (5) Mga hakbang para masiguro ang pantay-pantay na akses sa mga kritikal na serbisyo.

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

Ang lahat ng mga negosyo na sakop ng protokol na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa negosyo.

Pangalan ng Negosyo:

Address ng Pasilidad:

Pinakamaraming Okupante, kada Code ng **Gusali**:

Tinatayang kabuuan sa talampakang kuwadrado ng espasyo na bukas sa publiko:

A. MGA PATAKARAN AT PAGSASANAY SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (ITSEK ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)

- Ang lahat ng tao na kayang gawin sa bahay ang kanilang mga tungkulin sa trabaho ay inaatasan na gawin ito.
- Ang mga mahihinang kawani (mga taong higit sa 65 ang edad, mga taong may malubhang kondisyon sa kalusugan) hangga't maaari ay tatalagahan ng trabaho na maaaring gawin sa bahay at dapat na talakayin ang anumang mga pagkabahala sa kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o mga serbisyo sa katungkulang pangkalusugan upang makagawa ng mga wastong desisyon sa pagbalik sa lugar ng trabaho.
- Hangga't maaari ang mga proseso sa trabaho ay inirekompigura upang paramihin ang mga oportunidad para

sa mga empleyado na makapagtrabaho sa bahay.

- Salit-salitan, halinhinan o shift na mga iskedyul ay pinasimulan para masagad ang pisikal na pagdistansya.
- Ang lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit, o kung sila ay nalantad sa isang tao na may COVID-19. Naiintindihan ng mga empleyado na sumunod sa patnubay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para sa sariling pagbubukod at pag-quarantine, kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa bakasyon sa trabaho ay sinuri na at binago para masiguro na ang mga empleyado ay hindi parurusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.
 - Ang mga empleyado ay pinagkakalooban ng Impormasyon sa mga benepisyong bakasyon na itinaguyod ng amo/employer o gobyerno na maaaring makuha ng empleyado na gagawing pinansyal na mas madali ang pananatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa [mga programa](#) ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng [Families First Coronavirus Response Act](#) at mga karapatan ng empleyado sa mga benepisyong kompensasyon ng manggagawa at pagpapalagay ng pagiging may kaugnayan sa trabaho ng mga pagkakalantad sa COVID-19 na naganap sa pagitan ng Marso 19 at Hulyo 5 alinsunod sa [Executive Order N-62-20](#) ng Gobernador.
- Sa oras na napagbigay-alam na ang isa o higit pang mga empleyado ay nasuring positibo para sa, o may mga sintomas na patuloy na tumutugma sa COVID-19 (kaso), ang amo o employer ay may plano o protokol na isasaayos upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangailangan ng agarang pagquarantine sa sarili (self-quarantine) ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho. Ang plano ng amo o employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga empleyado na naka-quarantine na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 nang sa gayon ay matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Tingnan ang gabay ng pampublikong kalusugan sa [pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho](#).
- Ang [mga pagsusuri sa pagpasok](#) (entry screenings) ay maaaring isagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado. Kasama sa pagsusuri ay ang pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw at kung ang indibidwal ay kasalukuyan na sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
- Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay **dapat** na iulat ang kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821 o **sa online sa [www.redcap.link/covidreport](#)**. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad.
- Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang naaangkop na pantakip ng mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip ng mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga isang paraan ng balbula ay hindi dapat gamitin. Ang mga empleyado ay hindi kailangan magsuot ng isang pantakip ng mukha kapag ang empleyado ay mag-isa o isang pribadong opisina o kubiko na may solidong partiyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.
- Bilang pagtupad sa UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN PARA SA PAGKONTROL NG COVID 19: TIER 1 MALAKING PAGTUGON SA PAGTAAS (NG KASO) na inilabas noong Nobyembre 28, 2020, ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng mga pantakip ng mukha sa lahat ng oras maliban kung nagtatrabaho mag-isa sa mga pribadong opisina na sarado ang mga pintuan o kapag kumakain o umiinom. Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may mga solidong partiyon na lumalagpas sa taas ng empleyado habang nakatayo ay napawalang halaga sa panahong epektibo ang pansamantalang utos, mula 12:01 AM (PST) sa Nobyembre 30, 2020 hanggang sa karagdagang abiso.
- Para matiyak na ang mga maskara (masks) ay isinusuot nang tuloy-tuloy at tama, hindi hinihikayat ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (breaks) kapag nagagawa na nilang tanggaling nang ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kapag kumakain o umiinom, kung maaari mas mainam na

gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom) kung ang pagkain sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay nagkakaloob ng higit na distansya mula sa ibang mga tao at mga harang sa pagitan ng mga manggagawa.

- Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad (maximized) sa anumang silid o lugar na ginamit ng mga empleyado para sa kainan at/o panandaliang pagpapahinga. Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
 - Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) na hindi pabago-bago na may pagpapagana sa hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa panandaliang pagpapahinga; at
 - Halinhinan sa panandaliang pagpapahinga (breaks) o oras ng pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid at panandaliang pagpapahinga; at
 - Paglalagay ng mga mesa na **hindi bababa sa** anim na talampakan ang layo at pagtitiyak ng anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtanggap ng pagteteyp ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyakin ang pagdistansya, at pagsasaayos sa pagkakaupo sa paraan na binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partiyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.
- Kung saan posible, ang mga panlabas na lugar sa panandaliang pagpapahinga ay nilikha na at nilagyan ng mga lilim at upuan na pinapagana ang mga empleyado na magpanatili ng 6 na talampakang pisikal na pagdistansya mula sa ibang mga tao sa lahat ng oras.
- Ang mga empleyado ay inatasan na labahan o palitan araw-araw ang kanilang mga pantakip sa mukha (face covering).
- Ang lahat ng mga estasyon ng trabaho ay pinaghihiwalay nang hindi bababa sa anim na talampakan.
- Ang mga silid sa panandaliang pamamahinga (break rooms), mga banyo (restrooms) at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay dinidisimpekta **oras-oras**, sa sumusunod na iskedyul:
 - Mga silid sa panandaliang pamamahinga _____
 - Mga banyo _____
 - Iba pa _____
- Bilang pagsunod sa mga regulasyon sa pasuweldo at oras, ang mga panandaliang pamamahinga sa trabaho ay halinhinan para masiguro na ang pisikal na pagdistansya na may anim (6) na talampakan sa pagitan ng mga empleyado ay napapanatili sa mga silid sa panandaliang pamamahinga (break rooms) sa lahat ng oras.
- Ang pandisimpekta at mga kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

 - Ang hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

- Ang mga empleyado ay pinapayagan sa madalas na pagtigil sa trabaho para hugasan ang kanilang mga kamay.
- Ang isang kopya ng protokol na ito ay naipamahagi na sa bawat empleyado.
- Ang bawat manggagawa ay tinalagahan ng kanilang mga sariling kasangkapan (tools), kagamitan at tukoy na espasyo ng trabaho. Hangga't maaari, ang pagsasalosalo sa mga nahahawakang gamit (hal., mga telepono, tablet, laptop, mesa, panulat, atbp.) ay binawasan na o tinanggal na.
- Ang lahat ng mga patakarán na inilarawan sa checklist na ito maliban sa mga may kaugnayan sa mga tuntunin ng trabaho ay nalalapat sa kawani ng pagdedeliber (delivery staff) at anumang iba pang mga kumpanya na maaaring nasa mga nasasakupang lugar bilang mga ikatlong partido.
- Opsyonal-Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

B. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA

- Ang mga panuntunan sa pinakamaraming okupante para sa mga shopping center (panloob at panlabas) at para sa mga negosyo ng tingi (retail businesses) na bahagi ng shopping center ay hindi maaaring humigit sa 20% ng pinakamaraming okupante, hangga't ang anim (6) na talampakan na pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga kostumer at empleyado ay palaging napapanatili. Kung saan magagawa, ang paradahan ay limitado

para mas lalong maipatupad ang mga limitasyon sa pinakamaraming okupante.

- Ang mga nangungupahan na may pasukan mula sa labas na karaniwan ay naaakses ng publiko galing sa labas na bahagi ng mall o shopping center ay maaaring ituloy ang kanilang kasalukuyang binagong operasyon na sumusunod sa naaangkop na mga Protokol ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan na 20% sa pinakamaraming okupante. Ang mga walang bubong (open-air) na shopping center, tulad ng mga swap meet, ay magtitiyak na ang mga espasyong mesa, mga canopy, at iba pang mga display ng mga tindero ay naaayon sa mga naaangkop na kinakailangan sa pisikal na pagdistansya o tiyakin na ang iba pang hindi tinatagusang mga harang ay naisaayos.
 - Ang pinakamaraming bilang (maximum number) ng mga kostumer sa pasilidad ay limitado sa: _____
- Ang shopping center ay sinusubaybayan ang lahat ng mga pasukan para masubaybayan at **malimitahan** ang pag-okupa. Kung saan posible, magkaloob ng isang malinaw na tinalagahang pasukan at hiwalay na labasan para makatulong mapanatili ang pisikal na pagdistansya.
- Maging handa na papilahin ang mga kostumer sa labas habang pinapanatili pa rin ang pisikal na pagdistansya, kabilang ang paggamit ng mga nakikitang tanda. Kung kinakailangan, isang empleyado (o mga empleyado kung may isa lang na pasukan) na may suot na telang pantakip ng mukha ay maaaring nakabantay malapit sa pintuan ngunit hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa mga pinakamalapit na kostumer para subaybayan ang pag-okupa at para direktahan ang mga kostumer na pumila ng 6 na talampakan ang layo sa labas ng pasukan kung ang establisyemento **o shopping center** ay naabot na ang kanyang limitasyon sa pag-okupa.
- Ang mga kawaning pangseguridad na nasa ari-arian ay aktibong pinaaalalahanan at hinihikayat ang mga kostumer at publiko na sumunod sa mga pamantayan ng pisikal na pagdistansya **at paalalahanan ang mga tagapagtangkilik at mga bisita na ang pagkain at pagkainom sa mismong lugar ay hindi pinahihintulutan.**
- Ang mga nagtitingi na piniling mag-alok ng tabing-kurbada na pagkuha ay dapat na iayos ang mga oras ng pagkuha para sa mga pinamili nang sa ganon ang mga empleyado ay nagagawang dalhin ang mga pag-pre-order na pinamili sa mga kostumer sa isang itinalagang lugar o mga lugar sa labas ng mall. Ang mga lugar ng pagkuha ay dapat na malinaw na minarkahan at ang mga kostumer ay hinihikayat na pauna nang magbayad (pre-pay) para sa kanilang mga order. Sa pagdating, dapat abisuhan ng mga kostumer ang mga empleyado na sila ay dumating na para sa pagkuha at dapat na manatili sa kanilang sasakyan. Ang isang empleyado na may suot na telang pantakip ng mukha ay dapat dalhin ang order ng kostumer sa itinalagang lugar ng pagkuha na nasa isang lalagyan (hal., isang kaban, shopping cart, o iba pang lagayan) at ilagay ito direkta sa likod na lalagyan ng sasakyan ng kostumer.
- Ang mga kinakailangang serbisyo na tumatakbo sa loob ng isang shopping center tulad ng mga medikal na serbisyo (mga klinika o optometrist) ay maaaring patuloy na tumakbo.
 - Hanggang sa magagawa, ang iba pang mga pamamaraan tulad ng mga pagpipilian ng telemedisina o mga serbisyong on-line ay dapat na ialok.
- Ang isang empleyado (o mga empleyado kung may higit sa isang pasukan/entrance) na may suot na telang pantakip sa mukha ay nakabantay malapit sa pintuan ngunit hindi bababa sa anim (6) na talampakan ang layo mula sa pinakamalapit na mga kostumer para mapatnubayan ang mga kostumer sa naaangkop na lugar ng pag-pick-up.
- Ang teyp o iba pang mga marka ay kinikilala pareho ang lugar sa pagsisimula para sa mga kostumer na dumarating para sa pagkuha at ang anim (6) na talampakang agwat para sa mga susunod na kostumer na papasok sa pila.
- Ang mga empleyado, na may suot na mga pantakip ng mukha at guwantes, ay nakapuwesto anim (6) na talampakan ang layo mula sa isa't isa at sa mga kostumer para magdeliber ng mga order sa mga kostumer. Ang mga kaban ay dapat na gamitin para magpasa ng naka-supot, pag-pre-order na kalakal sa mga kostumer para maiwasan ang personal na kontak sa pagitan ng mga empleyado at kostumer. Maaaring pansamantalang lumapit ang mga kostumer kapag kinakailangan upang tumanggap ng bayad, magdeliber ng mga paninda o serbisyo, o kung kinakailangan.
- Ang mga hakbang para masiguro ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa anim (6) na talampakan ay naipatupad na para masiguro na ang pisikal na pagdistansya sa pagitan at sa piling ng mga manggagawa at kostumer sa lahat ng mga lokasyon ng shopping center. Maaaring kasama rito ang paggamit ng pisikal na panghiwalay o mga nakikitang palatandaan (hal., mga marka sa sahig, de-kulay na tipo, o mga sign/palatandaan na nagpapahiwatig kung saan dapat tumayo ang mga manggagawa at kostumer).
- Magbuo at magpatupad ng mga kontroladong estratehiya sa pangangasiwa sa mga taong naglalakad at umpukan ng mga tao na nagpapagana ng hindi bababa sa anim (6) na talampakang pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga kostumer. Maaaring isama rito ang pag-aatas na ang mga taong naglalakad ay maging sa isang direksyon lamang at paggabay sa mga kostumer gamit ang mga nakikitang hudyat, pisikal na props, at karatula.
- Magkaloob ng mga malilina na itinalagang pasukan at mga hiwalay na labasan, kung magagawa at angkop para sa espasyo, para tumulong na magpanatili ng pisikal na pagdistansya at sumuporta sa pagkontrol ng mga umpukan ng tao. Hangga't maaari, ang mga pintuan ay dapat na iwanang nakabukas kung hindi awtomatikong bumubukas o

nagsasara ang mga ito. Makipagtulungan sa mga nangungupahan para lumikha ng mga sistema ng pila para sa mga kostumer na nasa labas ng mga indibidwal na tindahan habang pinapanatili pa rin ang pisikal na pagdistansya, kung kinakailangan.

- Ang mga operator ng shopping center, mga nangungupahan na tingi, at mga tagapagtinda ay dapat na makipagtulungan para bumuo ng mga sistema ng pila sa pagpasok sa tindahan na hindi nakagagambala sa mga taong naglalakad o lumalabag sa mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya. Isaalang-alang at hikayatin ang alternatibong pasukan sa mga pasilidad ng mga nangungupahan na tingi, kabilang ang mga digital na reserbasyon para sa mga gabay sa pagpasok at paunang pag-order (pre-order).
- Ang mga kariton o kyosko ng mga tagapagtinda ay dapat na pahintulutan lamang para gumana sa mga pasilyo ng shopping center o mga lugar ng lakaran kung hindi sila nakakahadlang sa mga binagong hakbang para sa mga taong naglalakad (foot traffic) o nakakapigil sa mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya. Irekumpigura ang mga kariton o kyosko ng tagapagtinda, saanman kinakailangan, para tiyakin na ang pila ay hindi humahadlang sa mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya.
- Ang mga shopping center na walang bubong (open-air), tulad ng mga swap meet, ay dapat na siguruhin na ang mga espasyong mesa, tolda, at iba pang mga display ng mga tagapagtinda ay naaayon sa mga angkop na kinakailangan sa pisikal na pagdistansya o tiyakin na ang iba pang mga hindi tinatagusang harang ay naisaayos.
- Ang mga operator ng shopping center, mga tingian na umuupa at nagtitinda ay dapat magtulungan upang makagawa ng isang operasyon ng shopping center na nakapagpapagana sa mga nangungupahan na makapag bukas nang ligtas sa loob at labas ng pamilihan at para masiguro ang pagsunod sa lahat ng mga naaangkop na protokol ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan at sa lahat ng mga batas at regulasyon ng estado at lokal.
- Ang mga lugar sa panloob na pampublikong lugar ay sarado. Ang lahat ng permanente at nakapirming panlabas na upuan na bukas sa publiko ay dapat na may nakapaskil na karatula sa isang kitang lugar at/o malapit sa anumang permanenteng upuan na nagpapaalala sa mga tagapagtangkil na magsuot ng pantakip ng mukha, magsanay ng pisikal na pagdistansya at sa hindi pagkain pag-inom habang nasa lugar na ari-arian ng shopping center.
- Ang lahat ng pansamantala o naiigagalaw na mesa at upuan na matatagpuan sa lugar ng ari-arian ng shopping center ay dapat na tanggalin mula sa mga naaakses na lugar ng publiko o isara sa publiko. Dapat na paalalahanan ang publiko/mga bisita na walang kainan o pag-inom ang papayagan sa lugar ng ari-arian ng shopping center.
- Ang mga iniuutos sa pisikal na pagdistansya ay ipinatutupad sa mga lugar ng pagkakarga (loading bays) at ang mga walang kontak na pagpirma ay ipinatutupad na para sa mga pagdedeliber.

C. MGA HAKBANG PARA SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- Ang sistema ng HVAC ay nasa mabuti, gumaganang ayos; hanggang sa maaaring pinakamalayong saklaw, ang bentilasyon ay nadagdagan. Isaalang-alang ang pagkakabit ng napakahuhusay na mga panglinis ng hangin, hangga't maaari pagtaas sa uri ng mga panala ng hangin ng gusali sa pinakamahuhusay, at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang labas na hangin at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga lugar. Tingnan ang gabay sa pampublikong kalusugan sa kung paano paghusayin ang [bentilasyon](#).
- Ang mga sistema sa pagbabayad na walang kontak ay naisaayos na, kung hindi ito maaari, ang mga sistema sa pagbabayad ay lubos na nililinis o sina-sanitize oras-oras. Ilarawan:

- Ang mga lugar na karaniwang may tao at mga lugar na may maraming tao, at madalas na mga nahahawakang bagay (hal., mga handrail, kontrol ng elebeytor, hawakan ng pintuan, pambasa ng credit card, mga pindutan ng elebeytor, mga handrail ng eskaleytor, atbp.) ay dinidisimpekta kada oras sa mga oras ng trabaho gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA at sumusunod sa mga instruksyon ng tagagawa para sa paggamit.
- Ang mga espasyo ng trabaho at ang kabuuang pasilidad ay nililinis oras-oras man lamang, ang mga banyo at madalas na mga nahahawakang lugar/bagay ay nililinis nang mas madalas. Ang mga oras ng shopping center ay binago na para magkaloob ng sapat na oras sa regular na puspusang paglilinis at paglalagay ng produkto.
- Ang mga pampublikong banyo o restrooms ay oras-oras na sina-sanitize gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA at sumusunod sa mga instruksyon ng tagagawa para sa paggamit, sa sumusunod na iskedyul.

- Ang mga pampublikong inuming tubig bukal o water fountains ay isinara at may mga palatandaan na

nagbibigay-alam sa mga kostumer na ang mga ito ay hindi magagamit.

- Ang mga banyo para sa empleyado ay hindi pwedeng gamitin ng kostumer.
- Ang mga kostumer na dumarating sa establisyemento ay pinaaalalahanan na magsuot ng pantakip ng mukha sa lahat ng oras habang nasa pamilihan o shopping center o sa nasasakupang lupa ng pamilihan o shopping center. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga adulto at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng pantakip ng mukha ang hindi saklaw na magsuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang pantakip ng mukha ay dapat na magamit ng mga bisita na dumarating na wala nito.
- Ang mga pagsusuri sa sintomas ay isinasagawa bago ang mga bisita ay maaaring makapasok sa pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga, lagnat, panggiginaw at kung ang indibidwal ay kasalukuyan na nasa pagbubukod o utos ng pag quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng [karatula](#) na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga sintomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.
- Ang mga kostumer na dumarating sa establisyemento na may mga batang kasama ay dapat na siguruhin na ang kanilang mga anak ay nasa tabi ng magulang, umiiwas sa paghawak sa sinumang tao o anumang bagay na hindi nila pag-aari, at naka-takip ang mukha kung tama na ang edad.
- Ang mga kostumer ay mayroong akses sa wastong mga produkto sa sanitasyon, kabilang ang hand sanitizer, mga tisyu at basurahan.
- Ang mga silid na sukatan ng damit o fitting rooms na bukas para sa paggamit ng mga kostumer ay binabantayan ng kawani/staff. Ang anumang damit na sinukat at isinuot ngunit hindi binili ay itatabi ng 24 na oras bago isauli sa mga salansan o istante.
- Ang mga lugar na laruan ng mga bata at iba pang mga panglibang tulad ng mga carousel, mga sinasakyan o rides, o arkada ay nananatiling sarado.
- Ang mga sinehan, mga aktibidad sa libangan ng pamilya, at mga bar na matatagpuan sa loob ng shopping center ay nananatiling sarado.
- Ang mga lugar ng kainan at pag-upo ng isang panloob na food court na nasa loob ng mall o shopping center ay dapat na sarado hanggang wala pang abiso. Ang mga restawran na maaakses lamang mula sa loob ng isang panloob na mall o shopping center (tulad ng isang food court) ay maaaring mag-alok ng mga serbisyo ng panloob na counter para sa personal na pag-order ng pagkain o inumin ng mga kostumer para sa pick-up o panlabas na pagdedeliber. Ang lahat ng mga pagkain at inumin ay dapat na dalhin sa labas ng panloob na mall o shopping center para sa pagkonsumo. **Ang lahat ng mga panloob na lugar ng kainan ay dapat na magsara. Ang publiko ay hindi maaaring konsumo ng mga pagkain at inumin habang nasa loob ng isang panloob na mall o shopping center. Ang lahat ng panlabas na lugar ng kainan ay dapat na isara. Ang publiko ay hindi maaaring konsumo ng pagkain o inumin habang nasa ari-arian ng mall o shopping center.**
- Ang mga restawran na yon na nasa isang mall o shopping center na maaari ring maakses galing sa labas ng shopping center ay maaaring mag-alok ng take-out, drive-thru o serbisyo ng paghahatid bilang pagsunod sa [Mga Protokol para sa Mga Restawran](#) ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan. Ang lahat ng mga panlabas na lugar ng kainan ay dapat na magsara.
- Opsyonal-Ilarawan ang iba pang mga hakbang (hal. nagkakaloob ng mga oras na para sa mga nakakatanda o senior lamang, naghihiyakat ng online na pag-oorder/pag-pick-up ng mga order, pagbibigay insentibo sa mga panahong matumal ang benta):

D. MGA HAKBANG SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- Ang isang kopya ng protokol na ito ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad.
- Karatula sa mga shopping mall, mga swap meet at iba pang mga outlet na maaaring manatiling bukas ay pinaaalalahanan ang mga kostumer tungkol sa kahalagahan ng pisikal na pagdistansya na anim (6) na talampakan, ang pangangailangan na magsuot ng isang pantakip ng mukha sa lahat ng oras habang nasa shopping mall, ang kahalagahan ng palagiang paghugas ng mga kamay, at pangangailangan na manatili sa bahay kung nakakaramdam ng sakit o may sintomas ng COVID-19.
- Karatula sa buong pamilihan na nagpapahiwatig sa mga kostumer na bawal kumain o uminom saanman sa establisyemento.**
- Karatula sa buong pamilihan na nagpapahiwatig sa mga kostumer kung saan makikita ang pinakamalapit na dispenser ng hand sanitizer.
- Ang mga bilihan sa online ng establisyemento (website, sosyal (social) media, atbp.) ay nagkakaloob ng maliwanag na impormasyon tungkol sa mga oras ng operasyon, kailangang paggamit ng mga pantakip sa mukha, limitadong pag-ookupa, mga patakaran tungkol sa pag-preordering, paunang bayad, pagkuha at/o pagdedeliber at iba pang may kaugnayang mga isyu.

E. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PANTAY-PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- Dedikadong mga oras ng pamimili para sa mga mahihinang populasyon, kabilang ang mga matatanda (seniors) at mga taong medikal na mahihina ay napasimulan na, kung naaangkop, mas mainam sa oras kasunod ng isang kumpletong paglilinis.
- Ang mga serbisyo na kritikal sa mga kostumer ay binigyang prayoridad.
- Ang mga transaksyon o serbisyo na maaaring ialok nang malayuan (remotely) ay inilipat sa on-line.
- Pinasimulan ang mga hakbang para siguruhin ang akses sa mga paninda at serbisyo para sa mga kostumer na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong lugar.

Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi kabilang sa itaas ay dapat na ilista sa mga hiwalay na pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaari kayong makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

**Pangalan ng
Kontak ng
Negosyo:**

**Numero ng
telepono:**

**Petsa na Huling
Nirebisa:**
